



# 2023

## Ulat sa Kalidad ng Tubig



MGA RESULTA NG PAGSUSURI SA KALIDAD NG TUBIG

PROTEKSYON NG TUBIG SA LUPA

KAUTUSANG ISKEDYUL NG PAGDIDILIG

MGA REBATE



I-scan ang QR code na ito para ma-access ang buong resulta ng pagsusuri sa tubig sa online!

**LUNGSOD NG LACEY, WASHINGTON**  
[cityoflacey.org/water-quality](http://cityoflacey.org/water-quality)

*Nasa Larawan: Ang mga tauhan sa tubig na gumagawa sa pagpapanumbalik ng kanal pagkatapos kumpunihin ang nasira na malaking linya ng tubig sa Marvin Rd SE.*

## Mensahe mula sa Alkalde

Ikinalulugod kong ipahayag na nakatugon o nalampasan ng inuming tubig sa Lacey ang lahat ng mga regulasyon at mandato na itinatag ng Ahensiya ng Proteksyon ng Kapaligiran para sa 2022.

Mangyaring samantalain ang pagkakataon na basahin at alamin ang tungkol sa kalidad ng inuming tubig sa ating komunidad. Makakampante kayo sa pagkabatid na nagtatrabaho ang mga kawani ng Lacey sa buong araw at gabi upang mapanatili ang sistema ng tubig na naghahatid ng hindi nagbabago at mataas ang kalidad na inuming tubig 24/7.

Ang impormasyong nakapaloob sa ulat na ito at sa online sa [cityoflacey.org/water-quality](http://cityoflacey.org/water-quality) ay nagbibigay-daan sa mga kostumer sa tubig ng Lacey, partikular sa mga may espesyal na pagsasaalang-alang sa kalusugan, na makagawa ng matalinong mga desisyon tungkol sa tubig na kanilang ginagamit araw-araw.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa inuming tubig ng komunidad o sa impormasyong nakapaloob sa ulat na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong Lacey Water Utility sa 360-491-5600.



Alkalde Andy Ryder



## Makikita na Ngayon ang mga Resulta sa Pagsusuri sa Kalidad ng Tubig

**Ang inuming tubig na inihatid sa inyong tahanan noong 2022 ng utilidad ng tubig ng Lungsod ng Lacey ay nakatugon o lumampas sa lahat ng mga regulasyon at mandato na itinatag ng Ahensiya ng Proteksyon ng Kapaligiran!**

Mayroon kaming komprehensibong programa sa pagsusuri sa tubig na nagaganap bawat buwan upang matiyak na ligtas na inumin ang ating inuming tubig. Upang makita ang mga Resulta ng Pagsusuri sa Inuming Tubig para sa 2022, bisitahin ang [cityoflacey.org/water-quality](http://cityoflacey.org/water-quality).

Upang humiling ng papel na kopya ng mga resulta ng pagsusuri sa inuming tubig, tumawag sa **360-491-5600** o mag-email sa [WaterResources@ci.lacey.wa.us](mailto:WaterResources@ci.lacey.wa.us).

Sa mga Resulta ng Pagsusuri sa Inuming Tubig para sa 2022, maaari din kayong makakita ng mahalagang impormasyon tungkol sa lead at iba pang mga kontaminasyon na maaaring naroroon sa lahat ng pinagmumulan ng inuming tubig. Ang mga taong nakompromiso sa resistensya tulad ng mga taong may kanser na sumasailalim sa chemotherapy, mga taong sumailalim sa mga pag-transplant ng organ, mga taong may HIV/AIDS o iba pang mga sakit sa sistema ng resistensya, ilang nakatatanda, ilang buntis at ilang sanggol ay maaaring partikular na nanganganib mula sa mga impeksyon, at hinihikayat na bumisita sa [cityoflacey.org/water-quality](http://cityoflacey.org/water-quality) upang matuto nang higit pa at makahingi ng payo tungkol sa inuming tubig mula sa kanilang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## MGA PANGUNAHING PAMANTAYAN NA PINAPANGASIWAAN NG EPA PARA SA PAGPROTEKTA SA KALUSUGAN

KONTAMINASYON	PINAKAMATAAS NA ANTAS NA PINAPAYAGAN (MCL)	LAYUNING HINDI DAPAT NALAMPASAN (MCLG)	NAKITANG PINAKAMATAAS NA ANTAS	NAKITANG PINAKAMABABA NA ANTAS	PETA NG NAKITANG PINAKAMATAAS NA ANTAS	KARANIWANG PINAGMUMULAN NG KONTAMINASYON
Arsenic	10 ppb	0	2 ppb	<1 ppb	7/13/21	
Fluoride	4 ppm	4 ppm	<0.2 ppm	<0.2 ppm	5/18/21	Geology, natural na weathering. Hindi naidagdag ang fluoride sa tubig
Lead	15 ppb	0	8 ppb	< 1 ppb	8/10/21	Geology, mga fitting na tanso
Nitrate	10 ppm	10 ppm	5.6 ppm	<1 ppm	8/16/22	Sistema ng poso-negro, pataba, dumi ng hayop
Radium 228	5 pCi/L	0 pCi/L	1 pCi/L	<1 pCi/L	7/19/22	Sistema ng poso-negro, pataba, dumi ng hayop
Kabuuang Coliform na Baktery ( % buwanang mga sampol na positibo sa pagsusuri)	5%	0%	1%	0%	9/28/22	Natural na naroroon sa kapaligiran
Libreng Chlorine Residual	4 ppm	4 ppm	1.04 ppm	0.34 ppm	11/8/22	Ikinagdag bilang disinfectant sa sistema ng tubig
Kabuuang Trihalomethanes	80 ppb	NA	8 ppb	<1 ppb	1/18/22	Reaksyon ng chlorine sa natural na naganaganap na organikong bagay
Kabuuang mga Haloacetic acid	60 ppb	NA	9 ppb	<1 ppb	1/28/22	Reaksyon ng chlorine sa natural na naganaganap na organikong bagay

## PINAPANGASIWAAN NG ESTADO SA TUBIG NG KONSUMER

KONTAMINASYON	ANTAS NG PAGKILOS NG ESTADO	LAYUNING HINDI DAPAT NALAMPASAN (MCLG)	90% PORSIYENTO	# MGA SAMPOL SA ANTAS NG PAGKILOS NG ESTADO	PETA NG NAKITANG PINAKAMATAAS NA ANTAS	KARANIWANG PINAGMUMULAN NG KONTAMINASYON
Copper	1300 ppb	1300 ppb	934 ppb	1 sampol	6/23/20	Pagkalawang ng tubo sa sambahayan o pagguho ng mga likas na deposito
Lead	15 ppb	0 ppb	8 ppb	1 sampol	6/23/20	Pagkalawang ng tubo sa sambahayan o pagguho ng mga likas na deposito


Naglalaman ang ulat na ito ng mahalagang impormasyon tungkol sa inyong inuming tubig. Ipasalin ito sa isang tao para sa inyo, o makipag-usap sa isang taong nakakaunawa nito. Makakakita kayo ng mga isinaling bersyon ng buong ulat sa Espanyol, Koreano, Vietnamese, Filipino, at pinasimpleng Chinese sa [cityoflacey.org/water-quality](http://cityoflacey.org/water-quality).

Este informe contiene información importante acerca de su agua potable. Haga que alguien lo traduzca para usted, o hable con alguien que lo entienda.

Tài liệu này có tin tức quan trọng về nước uống của quý vị. Hãy nhờ người dịch cho quý vị, hoặc hỏi người nào hiểu tài liệu này.

Kung mayroon, ang mataataas na antas ng lead ay maaaring magdulot ng malulubhang problema sa kalusugan, lalo na para sa mga buntis at maliliit na bata. Ang lead sa inuming tubig ay pangunahing nagmumula sa mga materyales at sangkap na nauugnay sa mga linya ng serbisyo at tubo sa bahay. Ang Lungsod ng Lacey ay may pananagutan na magbigay ng mataas ang kalidad na inuming tubig, ngunit hindi makokontrol ang iba't ibang mga materyales na ginagamit sa mga bahagi ng tubo. Kapag nakaimbak ang inyong tubig sa loob ng ilang oras, maaari ninyong mabawasan ang potensyal ng pagkakalantad sa lead sa pamamagitan ng pagbuhos sa inyong tubig sa loob ng 30 segundo hanggang 2 minuto bago gamitin ang tubig para sa inumin o pagluluto. Kung nag-aalala kayo tungkol sa lead sa inyong tubig, maaari ninyong hilingin na masuri ang inyong tubig. Ang impormasyon sa lead sa inuming tubig, mga paraan ng pagsusuri, at mga hakbang na maaari ninyong gawin upang mabawasan ang pagkakalantad ay makukuha mula sa Hotline ng Ligtas na Inuming Tubig o sa [epa.gov/safewater/lead](http://epa.gov/safewater/lead).

# Saan Napunta ang Tubig ng Lacey noong 2022?



**88.5% MGA KOSTUMER NG LUNGSOD NA MAY MGA METRO NG TUBIG**  
(2.58 bilyong galon)

**9.4% PAGTAGAS SA SISTEMA NG PAMAMAHAGI\*\***  
(275 milyong galon)

**2.1% MGA AWTORISADO NA PAGGAMIT NG LUNGSOD\***  
(61 milyong galon)

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa sistema ng pamamahagi ng Lacey o para magulat ng mga problema, tawagan ang Mga Pamublikong Paggawa sa **360-491-5644**.

\*Kabilang sa mga awtorisadong paggamit ang pagwawalis sa kalye, pag-flush sa linya ng tubig, pagpapanatili ng treatment facility at iba pang nauugnay na aktibidad.

\*\*Ang pagtagas ng sistema ng pamamahagi (Distribution System Leakage, DSL) ay tumutukoy sa lahat ng tubig na hindi mahanap at iniuugnay sa pangunahing pagtagas ng tubig, pagnanakaw ng tubig at iba pang hindi alam na pagkawala ng tubig. Kinakailangan ng estado na ang utilidad na kasing laki ng Lacey ay magpanatili ng isang DSL na mas mababa sa 10%.

## MGA REBATE . . . .

Bisitahin ang [cityoflacey.org/water-conservation-program](http://cityoflacey.org/water-conservation-program) o tumawag sa **360-438-2687** para sa higit pang impormasyon.

### LIBRE NA PAGPAPALIT NG PALIKURAN *(Mga kostumer sa POSO-NEGRO)*

Ang mga kostumer sa tubig ng Lungsod ng Lacey na may on-site na mga sistema ng **poso-negro** ay maaaring karapat-dapat para sa hanggang 2 **LIBRE** na WaterSense na mga sertipikadong Matipid na Palikuran (High-Efficiency Toilets, HET) na pamalit sa mga palikuran na gumagamit ng 3 galon o higit pa kada pagbuhos. Karaniwang magiging kwalipikado ang mga palikuran na nailagay bago ang 1993.

### \$100 NA REBATE SA PALIKURAN *(Mga kostumer sa SEWER)*

Ang mga kostumer sa tubig ng Lacey na may serbisyo ng **sewer** ay karapat-dapat para sa isang maipapadala sa koreo na rebate na hanggang \$100 para sa pagbili ng mga kwalipikadong WaterSense na sertipikadong Napakatipid na mga Palikuran (Ultra-High-Efficiency Toilets, UHET) upang pamalit sa mga kasalukuyang palikuran na gumagamit ng 1.6 galon o higit pa sa bawat pagbuhos.

### \$50 NA REBATE SA WASHING MACHINE *(Mga kostumer sa POSO-NEGRO o SEWER)*

Ang mga kostumer ng utilidad ng Lungsod ng Lacey ay karapat-dapat para sa maipapadala sa koreo na rebate na hanggang \$50 para sa pagbili ng isang kwalipikadong sertipikado ng ENERGY STAR na washing machine.

## LIBRENG MGA AYTEM SA PAGTITIPID NG TUBIG

- Panloob na kit sa pagtitipid ng tubig
- Panlabas na kit sa pagtitipid ng tubig
- Awtomatikong namamatay na timer ng hose
- Sensor ng halumigmig ng lupa



Maaaring humiling ng mga aytem ang mga karapat-dapat na kostumer sa: [cityoflacey.org/water-conservation-program](http://cityoflacey.org/water-conservation-program) o dalhin ang utility bill ng Lacey sa City Hall.

Kunin ang mga aytem sa counter ng Pamublikong paggawa ng Bulwagan ng Lungsod ng Lacey, 420 College St. SE, Lun.-Biy., 9 am–5 pm. Limitado ang mga order sa isa bawat kostumer habang may mga suplay pa.

Tumawag para malaman kung mayroon pa sa **360-491-5600**.

NGAYONG TAG-INIT TANDAAN NA SUNDIN ANG

# Kautusang Iskedyul ng Pagdidilig sa Tag-init



**EPEKTIBO SA HUNYO 1 – SET. 30**

**MANGYARING TANDAAN:** Ang hindi pagsunod sa patakaran sa pagdidilig sa labas ay maaaring humantong sa paghinto sa inyong serbisyo sa tubig at \$250 na multa.

Mula noong 2006, ang Lungsod ng Lacey ay nagpatupad na ng ODD/EVEN na iskedyul ng pagdidilig para sa mga kostumer ng tubig upang makatulong sa pagtugon sa pinakamataas na pangangailangan sa tag-araw. Sa taglamig, gumagamit ang Lacey ng humigit-kumulang 6 na milyong galon ng tubig sa isang araw. Sa tag-araw, umaabot ito sa 13 milyong galon o higit pa sa isang araw! Kadalasang dahil ito sa pagdidilig sa landscape. Tulungan kaming panatiliing mababa hangga't maaari ang mga rate ng tubig sa pamamagitan ng pagbabawas sa inyong paggamit ng tubig sa tag-init.

Upang makapag-aplay para sa pansamantalang pagkalibre o kaibahan mula sa iskedyul ng pagdidilig, makipag-ugnayan sa Water Resources sa **360-491-5600** o sa [WaterResources@ci.lacey.wa.us](mailto:WaterResources@ci.lacey.wa.us)

Kung nagtatapos ang inyong address sa isang:

**ODD NA NUMERO  
1-3-5-7-9**

Kung nagtatapos ang inyong address sa isang:

**EVEN NA NUMERO  
0-2-4-6-8**

Ang inyong mga araw ng pagdidilig ay:

**LUNES, MIYERKULES  
AT SABADO**

Ang inyong mga araw ng pagdidilig ay:


**LINGGO, MARTES  
AT HUWEBES**

**WALANG  
PAGDILIG SA  
BIYERNES**

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano magtipid ng mga mapagkukunan at makatipid ng pera sa inyong singil sa utilidad na tubig ngayong tag-araw, bisitahin ang [epa.gov/watersense/outdoors](http://epa.gov/watersense/outdoors)



- Ikabit ang sertipikado ng WaterSense na mga smart na kontrol at matipid na sprinkler head sa inyong sistema ng patubig. Hanapin lang ang label na ito.
- Hayaang maging kulay-ginto ang inyong damo. Hindi patay, tulog lang! Magdilig nang hindi hihigit sa 1" bawat linggo. Muli itong magiging berde sa ulan ng taglagas.
- Bawasan ang dami ng mga lugar na damuhan sa inyong bakuran sa pamamagitan ng pagpapalit nito ng mga halaman na nabubuhay sa kaunting tubig o walang pagdidilig. Maghanap ng mga halaman nabubuhay sa tagtuyot, lalo na ang mga katutubong halaman sa Estado ng Washington. Makakatipid kayo ng mga mapagkukunan at makakatipid ng pera!



## Proteksyon ng Tubig sa Lupa

Noong 1995, sinimulan ng Lungsod ng Lacey ang Programang Proteksyon ng Wellhead (Wellhead Protection Program) nito upang matiyak na hindi nakokontamina ng mga aktibidad at paggamit ng lupa ang kalidad ng tubig sa lupa. Mahalaga ito dahil ang lahat ng ating inuming tubig ay nagmumula sa tubig sa lupa, tulad ng karamihan sa inuming tubig sa Thurston County. Ang ating inuming tubig ay maaaring makontamina kung lumubog ang mga nakakapinsalang sangkap sa lupa at napunta sa ating mga aquifer sa ilalim ng lupa.

**Ipinapakita ng paglalarawan ng Wellhead Protection Area (WHPA) sa ibaba kung gaano katagal ang paglakbay ng tubig sa lupa hanggang sa aquifer sa ilalim ng lupa upang maabot ang wellhead.** Halimbawa, ang tubig sa lupa sa bahaging dilaw ay tumatagal ng 5 taon upang maabot ang balon ng inuming tubig. Makakatulong ang lahat na protektahan ang ating inuming tubig sa pamamagitan ng wastong paggamit, pag-iimbak at pagtatapon ng mga nakakapinsalang sangkap sa loob ng mga WHPA.

**Ang mga sistema ng poso-negro ay maaaring pagmulan ng kontaminasyon ng tubig sa lupa kung hindi maayos ang pagkagamit at pagpapanatili.** Mahalaga para sa mga may-ari ng sistema ng poso-negro na magsagawa ng regular na pagpapanatili sa sistema upang maiwasan ang kontaminasyon ng tubig sa lupa at maprotektahan ang kalidad ng ating inuming tubig. **Gusto ba ninyong kumonekta sa sewer? Para sa impormasyon tungkol sa LOTT Clean Water Alliance REBATE na 50-75% diskwento sa bayad sa pagkonekta, makipag-ugnayan sa [WaterResources@ci.lacey.wa.us](mailto:WaterResources@ci.lacey.wa.us) o sa 360-491-5600.**

**Upang iulat ang isang tao na nagtatapon ng mga kontaminasyon o kung nakakita kayo ng pagtagas, tumawag sa 360-491-5644.**

## Saan Nagmumula ang Tubig ng Lacey?

Ang lahat ng tubig na inyong ginagamit sa inyong tahanan ay nagmumula sa mga balon ng tubig sa lupa na matatagpuan sa buong lugar ng Lacey. Ang mga balon ay nagbobomba ng tubig mula sa tatlong aquifer sa ilalim ng lupa. Ang aquifer ay isang natural na suson ng bato o buhangin sa ilalim ng lupa na nag-iimbak ng tubig. Ang tubig sa lupa ay matatagpuan sa mga butas na puwang sa pagitan ng bato at buhangin.

**Sa pagtatapos ng 2022, ang sistema ng pamamahagi ng tubig ng Lacey ay binubuo ng:**

**Mga Imbakan ng Tubig: 8**

**Mga Balon ng Produksyon: 20**

**Mga linya ng tubig: 425 milya**


**Mga Hydrant: 4,200**

**Mga Balbula ng Tubig: 13,800**

**Mga Miyembro ng Kawani: 29**

### WELL HEAD PROTECTION AREA (WHPA)

Panahon ng Paglalakbay:  
Tubig sa lupa hanggang sa Wellhead



# Kilalanin ang Dalawang Miyembro ng Aming Masipag na Pangkat ng Utilidad na Tubig:



Sumali si **Ryan Jewell** sa Lungsod noong Nobyembre bilang isang inhinyero sa utilidad sa departamento ng mga Mapagkukunan ng Tubig ng Mga Pamublikong Paggawa. Nagtatrabaho siya sa pagdisenyo sa ilang mga proyekto sa tubig, tubig-bagyo, at basurang-tubig kabilang ang Mga Pagpapabuti sa Sistema ng Pamamahagi, ang Pagpapalit ng Panghiwalay ng Langis at Tubig sa Sapa ng Woodland, at ang Rehabilitasyon ng Lawa ng Westminster. Inaasahan ni Ryan na matulungan ang Lungsod na mapamahalaan ang tubig-bagyo at makapagbigay ng ligtas na inuming tubig sa mga residente nito. Natutuwa siyang maging miyembro ng komunidad ng Lacey!



Nagretiro si **Phil Petty** mula sa Departamento ng Tubig sa unang bahagi ng taong ito pagkatapos ng 37 taon ng matapat na paglilingkod bilang isang teknisyano sa pagtukoy ng pagtagas. Tumugon siya sa hindi mabilang na mga pagtawag para sa serbisyo sa kostumer at nalutas ang maraming problema sa mga nakaraang taon, pati na rin ang paggawa sa ilang pangunahing proyekto. Malawak ang kanyang kaalaman at kasayanan, na nagdudulot sa Lungsod ng Lacey na makatipid ng milyunmilyong galon ng tubig. Salamat, Phil!

## Pag-unawa sa PFAS

Ang Lungsod ng Lacey, kasama ang lahat ng malalaking pampublikong sistema ng tubig sa bansa, ay susuriin ang mga pinagmumulan ng ating tubig sa 29 na magkakaibang per- at polyfluoroalkyl na mga substansiya (PFAS) na mga kemikal ayon sa kinakailangan ng Ahensiya ng Proteksyon ng Kapaligiran ng U.S. (Environmental Protection Agency, EPA). Ang layunin ng pagsusuring ito ay upang makakuha ng pag-unawa sa mga antas kung saan matatagpuan ang mga kemikal na ito sa mga sistema ng inuming tubig ng bansa. Ang mga datos na nakolekta ay makakatulong sa EPA sa paggawa ng mga desisyon sa hinaharap ukol sa mga aksyon na kailangan upang maprotektahan ang pampublikong kalusugan. Kukuha ng sampol ang lungsod sa Disyembre 2023 at Hulyo 2024. Ang anumang mga matuklasan ay iuulat sa hinaharap na taunang Mga Ulat ng Kumpanyansa ng Konsumer ng Lungsod ng Lacey.

Ang mga datos ng pagkuha ng sampol na ito na kinakailangan ng EPA ay susuriin din ng Departamento ng Kalusugan (Department of Health, DOH) ng Estado ng Washington. Ang Lupon ng Kalusugan ng Estado ng Washington ay naging maagap pagdating sa PFAS at pinagtibay ang Mga Antas ng Pagkilos ng Estado (State Action Levels, SALs) para sa lima sa mga kemikal ng PFAS kung saan mayroon nang sapat na impormasyong nakalap. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa PFAS at mga regulasyon tungkol sa mga ito sa Estado ng Washington ay matatagpuan sa: [doh.wa.gov/community-and-environment/contaminants/pfas](https://doh.wa.gov/community-and-environment/contaminants/pfas)

Ang anumang natukoy na antas ng PFAS mula sa nakaraang pagkuha ng sampol na ginawa ng Lungsod ng Lacey at mga kalapit na sistema ng tubig ay mas mababa sa lahat ng kasalukuyang SAL. Tawagan ang Taga-analisa ng Kalidad ng Tubig ng Lungsod ng Lacey para sa mga tanong sa **360-493-2410**.



CITY OF **LACEY**

Water Resources  
420 College St. S.E.  
Lacey, WA 98503

PRSR STD  
U.S. POSTAGE  
**NABAYARAN**  
OLYMPIA, WA  
PERMIT NO. 6

## Sumali sa Stream Team

Tumutulong ang Lacey Stream Team na protektahan at pahasuyan ang mga mapagkukunan ng tubig sa pamamagitan ng edukasyon at pagkilos ng komunidad. Noong 2022, 700 boluntaryo ng Stream Team ang nagbigay ng donasyon na mahigit sa 500 oras sa ating komunidad sa pamamagitan ng mga proyekto sa muling pagtanim sa sapa, pagsubaybay sa sapa, paglilinis ng mga kalat, pagmamarka ng daluyan ng tubig-ulan, at iba pang aktibidad. Bisitahin ang [streamteam.info](http://streamteam.info) para sa higit pang impormasyon o upang mag-sign up para sa paparating na pagkakataong magboluntaryo. Makakatulong kayo sa pagpapahusay sa ating magagandang likas na yaman. Kapakipakinabang ito at masaya pa!



## Dumalo sa isang Pagpupulong ng Konseho ng Lungsod

Ang mga pagpupulong ng konseho ng lungsod ay karaniwang ginaganap sa 6:00 pm sa Lacey City Hall sa ika-2 at Ika-4 na Huwebes ng bawat buwan, Enero hanggang Oktubre at sa una at ika-3 na Huwebes ng Nobyembre at Disyembre. Tumawag sa **360-491-3214** upang matanong ang mga paparating na adyenda ng pagpupulong. Ang mga pagpupulong ay nairerekord din sa video at makikita sa aming website (live at naka-archive) [cityo.lacey.org/upcoming-meetings](http://cityo.lacey.org/upcoming-meetings).

## Makipag-ugnayan sa Amin

- Upang mag-ulat ng mga problema tungkol sa sistema ng tubig ng Lacey, tumawag sa **360-491-5644**
- Para sa mga tanong sa singil sa utilidad, tumawag sa **360-491-5616**
- Hotline ng EPA sa Ligtas na Inuming Tubig:  
**1-800-426-4791** o bisitahin ang EPA Homepage sa [epa.gov/OW](http://epa.gov/OW)



## Hotline ng Lungsod ng Lacey sa mga Pagtagas

- Nakakita ba kayo ng pagtagas o may alalahanin sa kalidad ng tubig? Iulat ninyo ito!
- Tumawag sa **360-491-3214**